

Mga Tagubilin sa Pasyente
Plema – C&S o TB/AFB

Humingi ng (mga) sputum specimen ang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa (mga) test na minarkahan sa ibaba [x]. Para magkaroon ng makabuluhang resulta ang laboratory test, dapat ninyong sundin ang mga tagubiling ito.

[] C&S TEST

[] TB/AFB TEST Dami ng mga sputum specimen na dapat kolektahin: _____

Pangongolekta

1. Tuwing umaga, mas mainam ang mga sputum sample na kinolekta bago kumain at uminom; pero tinatangap din ang mga sample na nakolekta sa iba pang pagkakataon sa loob ng isang araw.
2. Huminga nang malalim, umubo nang malakas para maglabas ng plema mula sa mga baga. Iluwa ito sa ibinigay na "C&S" na lalagyan. Ulitin ito hanggang makakolekta ka ng 10mL na plema.
Tandaan: Hindi lang laway ang plema - hindi ka makakagawa ng kapaki-pakinabang na sample kung dudura ka lang sa lalagyan nang hindi umuubo nang malakas.
3. Isara nang mahigpit ang lalagyan.

Paglalagay ng label

1. Lagyan ng label ang lalagyan gamit ang iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, at petsa ng pagkolekta.

Packaging

1. Ilagay ang lalagyan sa isa sa mga ibinigay na bag at isara nang mabuti ang bag. Kailangang maglaman lang ng isang specimen ang bawat plastic bag.
2. Itupi ang anumang dokumento at ilagay ito sa labas na bulsa ng transport bag ng specimen. Sa pamamagitan nito, matitiyak na hindi tutulo sa dokumento ang specimen.

Pag-iimbak at Paglilipat

1. Ipasok ang specimen sa refrigerator at dalhin ito sa laboratoryo sa mismong araw ng pangongolekta. Kung kinuha ang specimen sa isang punto sa magdamag, agad itong dalhin sa laboratoryo pagsapit ng umaga. Maaaring makaapekto sa mga resulta ng pagsusuri ang mga pagkaantala.
2. Kapag maraming sample ang nakolekta, maaari mong piliin na magdala ng isang sample sa lab kada araw o i-refrigerate ang lahat ng 3 sample at dalhin ang mga ito sa lab hanggang 24 na oras pagkatapos makolekta ang huling sample.